



Olivehurst Public Utility District
Distrito ng Utilidad ng Olivehurst
Patakaran sa mga Serbisyo sa Tubig/Maruming Tubig

Ang May-ari ng Lupa ang nag-a-apply para sa at nagtatatag ng mga serbisyo sa Distrito at magiging responsable sa lahat ng singil na maiipon sa account hanggang sa maisara ang account. **Eksepsyon:** Kapag nakumpleto ng May-ari ng Lupa ang Landowner's Guaranty & Consent (Garantiya at Pahintulot ng May-ari ng Lupa), ang nangungupahan ay maaaring maging customer na nasa rekord at mananatiling customer na nasa rekord hangga't naibibigay ang mga kabayaran kapag dapat bayaran.

Responsable ang customer sa pagbibigay ng abiso sa Distrito sa paraang nakasulat (sa pamamagitan ng mga porma ng serbisyo ng OPUD) sa petsa kung kailan dapat i-activate o putulin ang serbisyo sa tubig sa pangalan nila gaya ng binigyang kahulugan sa "kasalukuyang" mga Madalas na Itanong Ukol sa Serbisyo sa Tubig at Alkantariya.

1) Singil sa Account para sa Serbisyo ng Pag-activate

- a) Upang magtatag ng isang account sa Distrito, ang sinumang may-ari ng ari-arian sa siniserbisuhang address na nagnanais ng serbisyo sa tubig ay mag-a-apply para sa serbisyo sa pamamagitan ng tanggapan ng Distrito at bayaran ang hindi maire-refund na singil sa pagproseso ng pagpapanumbalik ng serbisyo sa halagang \$25.00. Ang singil na ito ay ilalapat sa singil sa unang buwan sa halip na kreditong tseke/deposito.
- b) Ang mga account na may pansamantalang power of attorney (kapangyarihan ng abogado) sa pagdagdag ng pangalan, pagpapalit ng legal na pangalan (gaya ng sa kasal) o pagdagdag ng pangalan ay hindi kasama sa singil na ito. Sa kaganapang may pagbabago sa pangalan sa pamamagitan ng Grant Deed (dokumento sa paglilipat ng pagmamay-ari), nalalapat ang singil na \$25.00, at isang bagong account ID ang itatatag sa nasabing account.
- c) May kapangyarihan ang General Manager na ipagpaliban ang Service Activation Fee (Singil sa Pag-activate ng Serbisyo) kung saan napapatunayan ng mga kalagayan ang naturang pagpapaliban.

2) Singil sa Account para sa Hindi Pagpapatuloy ng Serbisyo

Para sa mga delingkwenteng account kung saan isang 10-Araw na Abiso ng Paalala at 48-Oras na Abiso ay naiproseso na hindi nabayaran sa tinukoy na petsa sa 48-Oras na Abiso, ang mga serbisyo ay hindi maipagpapatuloy para sa hindi pagbabayad at isang singil sa pagkadelingkwente ang itatasa sa account.

- a) Isang singil na \$50.00 sa pagkadelingkwente ang itatasa sa account upang sagutin ang mga gastos na pang-administratibo. Magkakaroon ng singil kahit na hindi pisikal na pinatay ang mga serbisyo. Kung kakailanganing hindi ipagpatuloy ang serbisyo, ang balanse sa delingkwenteng account ay dapat bayaran bago maibalik ang serbisyo sa tubig.
 - a. Saklaw ng singil na ito ang muling pag-activate ng mga serbisyo sa mga regular na oras ng tanggapan (7:30 AM hanggang 3:30 PM, Lunes – Biyernes, hindi kasama ang mga Holiday). Kung hiniling ang muling pag-activate pagkatapos ng regular na oras ng tanggapan, isang singil na \$75.00 na Pagkatapos ng Regular na oras ang ilalapat at sisingilin sa account.
- b) Bukod sa singil sa pagkadelingkwente, upang maibalik ang serbisyo pagkatapos ng pagputol dahil sa hindi pagbabayad, isang deposito na katumbas ng dalawang (2) karaniwang buwanang pagbabayad ang iaatas upang muling maitatag ang kredit sa Distrito kung ito ay wala sa rekord. Maire-refund ang deposito pagkatapos ng 12 buwan ng patuloy aktibidad ng 'pagbabayad gaya ng napagkasunduan.' Kapag karapat-dapat sa refund, ilalapat ang deposito sa account.
- c) **Sa anumang oras sa prosesong ito, maaaring humiling ang customer ng plano ng pagbabayad (amortisasyon) upang maiwasan ang pagputol ng mga serbisyo. Sa plano ng pagbabayad na hiniling bago ang petsa ng pagputol ng serbisyo makakaiwas sa \$50 na singil sa pagkadelingkwente.**
- d) Ang hindi pagbabayad upang madala ang account sa kasalukuyan ay magreresulta sa isang lien sa ari-arian o paglipat sa Talaan ng Buwis ng County.
- e) Kung sa tingin ng customer ay mali ang pagkakasingil sa kanya o nagnanais na hindi sang-ayunan ang mga singil hinggil sa kanyang mga serbisyo sa tubig, maaari silang makipag-ugnay sa OPUD Business Office sa (530) 743-4657.

3) Ang Singil sa Account para sa Nasirang Koneksyon sa Serbisyo, Kabilang ang Hindi Awtorisadong Pagbubukas at/o Hindi Pinahihintulutang Paggamit ng Tubig

Labag sa batas para sa sinumang tao maliban sa mga inawtorisahang empleyado ng Distrito na buksan o patayin ang mga serbisyo para sa anumang dahilan o para kumuha ng tubig mula sa hindi pinahihintulutang koneksyon.

Pinapanatili ng Distrito ang karapatang abisuhan ang tanggapan ng Abogado ng Distrito alinsunod sa Kodigong Penal ng California, Seksyon 498 hinggil sa paglabag (halimbawa, ngunit hindi limitado sa: pag-lock ng cut-off; paghadlang sa access sa serbisyo; paggamit ng tubig mula sa ibang seniserbisyuhang address sa pamamagitan ng naturang paggamit bilang hose sa pagitan ng mga ari-arian, pagbubukas ng mga serbisyo kasunod ng pagputol dahil sa hindi pagbabayad).

- a) Isang pinakamababang singil na \$200.00 sa pagsira ang itatasa sa account upang sagutin ang mga gastos na pang-administratibo. Ang singil na ito ay dapat bayaran bago ang muling pagtatatag ng serbisyo.
- 4) Singil sa Account para sa Espesyal na Pagpatay/Pagbubukas (hal. upang isagawa ang pagkukumpuni) sa Kahilingan ng Customer Na Hindi Delingkwente
- a) Walang singil na ipapataw sa mga regular na oras ng tanggapan (7:30 AM hanggang 3:30 PM, Lunes – Biyernes, hindi kasama ang mga Holiday) kapag nakipag-ugnay ang customer sa Distrito upang humiling na pagpatay/pagbubukas upang isagawa ang mga pagkukumpuni para sa pagpapanatili.
 - b) Isang singil na \$75 ang ipapataw pagkatapos ng mga regular na oras ng tanggapan o sa mga Holiday o Sabado at Linggo kapag nakipag-ugnay ang customer sa Distrito upang humiling na pagpatay/pagbubukas upang isagawa ang mga pagkukumpuni para sa pagpapanatili.
- 5) Singil para sa Account para sa Pagbubukas/Pagpatay ng Serbisyo para sa Pag-activate ng Bagong Account o Pagputol ng Account
- Ang pag-activate ng mga bagong serbisyo, pagputol ng mga serbisyo o muling pag-activate ng mga serbisyo dahil sa pagputol dahil sa pagkadelingkwente ay isinasagawa sa panahon ng mga regular na oras ng tanggapan. Ang mga pag-activate at pagputol ng serbisyo ay dapat patiunang hilingin ng 24 na oras at sa panahon ng mga regular na oras ng tanggapan.
- a) Isang singil na \$75.00 ang itatasa sa account upang sagutin ang mga gastos na pang-administratibo kapag binuksan/pinatay ang serbisyo pagkatapos ng mga regular na oras.

Mga Multang Isisingil sa mga Account kung saan Naiproseso ang 10 Araw na Paalala at 48 Oras na Abiso

- 1) Ang mga multa sa pagproseso ng mga notipikasyon sa mga delingkwenteng account ay ang mga sumusunod:
 - a) Isang singil na \$2.00 ang itatasa sa account sa pagproseso ng “10 Araw na Abiso ng Paalala” at higit pang multa ng sampung porsyento (10%) ng balanseng dapat bayaran pati na rin ang \$3.00 na singil ang idadagdag sa account sa pagproseso ng “48-Oras na Abiso”.
 - b) Ang mga abisong “10-Araw na Paalala” ay pinoproseso sa pamamagitan ng koreo nang hindi bababa sa 10 araw bago ang iminumungkahing pagputol ng mga serbisyo at ang 10-araw na panahon ay magsisimula 5 araw pagkatapos maipadala sa koreo ang abiso. Ang mga abisong “48-Oras” ay pinoproseso sa pamamagitan ng koreo nang hindi bababa sa 5 araw bago ang anumang iminumungkahing pagputol.
 - c) Walang multa ang itatasa sa anumang mga account na may balanseng dapat bayaran na \$25.00 o mas mababa pa.
- 2) Ang mga multa ay idadagdag sa account at kokolektahin bilang bahagi ng mga gastos upang panatilihin o ibalik ang serbisyo, nabayaran man o hindi ang delingkwenteng balanse bago ang pagputol ng serbisyo.